



*California's protection & advocacy system  
Toll-Free (800) 776-5746*

# **Ang Aking Mga Responsibilidad Bilang Representative Payee Hinggil sa Organisasyon para sa Mga Benepisyaryo ng Supplemental Security Income: Isang Gabay sa Pinakamagandang Mga Kasanayan**

---

*Oktubre 2018, Pub.#5562.08 - Tagalog*

**B**ilang isang representative payee (rep. payee), mayroon kang tungkulin na kumilos para sa kapakanan ng mga benepisyaryo na iyong pinaglilingkuran.<sup>1</sup> Ang tatlong pangunahing responsibilidad ng rep. payee ay: pamamahala ng pera; accounting at pag-uulat; at pagtataguyod.

## **I. Pamamahala ng Pera**

Bilang isang rep. payee, dapat mong tulungan ang benepisyaryo sa pamamahala ng pera. Ang ibig sabihin nito ay dapat mo silang tulungan na gugulin ang kanilang mga benepisyaryo para pinakamabuting matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Kailangan mong malaman kung paano ginugugol ng benepisyaryo ang kanilang pera. Kabilang dito ang pagsubaybay ng iba pang mapagkukunan ng pera, kung mayroon man, pati

---

<sup>1</sup> 20 CFR § 416.635; SSA POMS GN 00502.114 ('POMS' ay isang manwal na ginagamit ng kawani ng SSA upang ipaliwanag kung paano sumunod sa mga patakaran ng Social Security.) Makikita mo ito sa <https://secure.ssa.gov/poms.nsf/homelreadform>. ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

na rin ang mga kasalukuyan at darating na bayarin. Ito ay magpapahintulot sa iyo na pamahalaan ang Supplemental Security Income <sup>2</sup> (SSI) o mga pondo ng Title XVI para natutugunan ang lahat ng pangunahing pangangailangan ng benepisyaryo, habang nagpapanatili nang sapat na pera para sa mga masayang aktibidad at pag-iipon.<sup>3</sup> Makakatulong din ito na maiwasan ang overpayment.

### ***Halimbawa ng Epektibong Pamamahala ng Pera***

Tumatanggap si Sam ng \$1100 sa SSI bawat buwan. Ang kanyang renta at utility bill ay \$500 kada buwan at pumapasok siya sa night school upang maging electrician. Parating na ang taglamig. Ang mga magulang ni Sam ay nakatira sa Hawaii. Si Sam ay naninirahan sa California at nais na makita ang kanyang mga magulang. Si Sam ay may diabetes. Ang kanyang rep. payee ay si Frank na nagtatrabaho para sa Homestead Rep. Payee Inc.

Maaaring gawin ng rep. payee ang mga hakbang na ito para suportahan si Sam:

Madalas na nagsasabi si Frank kay Sam tungkol sa kanyang budget. Sa tuwing nakakukuha si Sam ng mga deposito ng SSI sa kanyang tamang checking account, ginamit ito ni Frank upang bayaran ang upa at utilities ni Sam at sinisiguro na matutugunan ang kanyang mga medikal na pangangailangan para sa buwan na iyon. Si Frank at Sam ay sumang-ayon na mag-save ng \$100 bawat buwan para sa tiket sa eroplano papuntang Hawaii upang bisitahin ang kanyang mga magulang. Tinatanong din ni Frank si Sam kung kailangan niya ng anumang mainit na damit para sa darating na taglamig. Sinamahan ni Frank si Sam sa pinakamalapit na tindahan ng damit at tinutulungan si Sam na mamakuha ng diskwento para sa isang magandang coat.

Pagkatapos suriin ang balanse ng account ni Sam para sa buwan, nalaman ni Frank na si Sam ay magiging bahagyang mas mataas sa kanyang limitasyon ng mapagkukunan. Tinawagan ni Frank si Sam at

---

<sup>2</sup> Nakatuon ang lathalang ito sa mga patakaran para sa mga tumatanggap ng SSI. Kung ang isang rep. payee ang namamahala sa mga benepisyos sa Social Security Disability Insurance (SSDI) o parehong mga benepisyos ng SSI at SSDI ng isang benepisyaryo, mahalaga na matutunan ang mga pagkakaiba sa mga patakaran. Kung minsan ang mga patakaran ng SSDI ay mas nababaluktot kaysa sa SSI. ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

<sup>3</sup> 20 CFR § 416.645 ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

nagtanong kung ok lang na gamitin niya ang ilan sa labis na balanse para bayaran ang night school ni Sam. Ipinaliwanag ni Frank kay Sam kung bakit dapat nilang bayaran ang tuition para ma-spend down ang balanse ni Sam upang maiwasan ang overpayment.

Pagkatapos ay binibigyan ni Frank si Sam nang \$100 para sa kanyang personal at incidental (P&I) na gastusin. Gusto ni Sam na gamitin ang P&I para sa kendi. Pinalalala ng kendi ang kanyang diabetes. Gayunpaman, alam ni Frank na sa sandaling maibigay niya ang P&I kay Sam hindi niya mapipigilan si Sam na gastusin ito sa kendi. Sa halip, ay nakipagkita si Frank kay Sam para ipaliwanag kung paano maaaring makasira sa kalusugan ni Sam ang pagkain ng kendi. Nagkasundo si Frank at Sam na ang P & I ay maaaring bawasan at ipunin para makabili siya ng bagong sopa, sa halip na kendi.

### **a. Paggamit sa Pera Para Matugunan ang mga Pangangailangan ng Benepisyaryo**

Ang iyong pangunahing tungkulin bilang rep. payee ay para tulungan ang benepisyaryo na matugunan ang kanilang pangunahing mga pangangailangan.<sup>4</sup> Kabilang sa mga pangangailangang ito ang pabahay, pagkain, damit, pangangalagang pangkalusugan, at mga bagay para sa kaginhawahan. Gamitin muna ang mga pondo ng SSI para bayaran ang mga pangangailangang iyon bago bayaran ang iba pang bills ng benepisyaryo, tulad ng mga utang na dapat nang bayaran.<sup>5</sup> Kung may matira na pera, dapat mong tanungin ang benepisyaryo kung paano mas gustog gamitin ang perang iyon. Maaari mong gamitin ang natitira para sa ibang bagay. Maaari kasama dito ang mga bagay para gawing mas kumportable ang buhay, paglalakbay, higit pang medikal na supply, mga serbisyo upang matulungan ang benepisyaryo na maging mas independiente, masayang mga aktibidad, at pag-iipon.

Ang rep. payee ay dapat humanap ng mga paraan para matipid ang pera ng benepisyaryo. Halimbawa, maaari mong tulungan ang benepisyaryo na mapababa ang kanilang upa o makahanap ng mas murang pabahay.

---

<sup>4</sup> 20 CFR § 416.640 ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

<sup>5</sup> 42 U.S.C. § 407; 20 CFR § 416.640(d) ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

Dapat ka ring maghanap ng mga diskwento para sa mga item gaya ng mga grocery at damit.

Gumawa ng budget kasama ng benepisyaryo na nasasakalwan ang kanilang mga pangangailangan, kabilang ang mga personal na gastusin (P&I).<sup>6</sup>Maaari mong ibigay ang P&I sa benepisyaryo sa anumang paraan na gusto niya, ngunit ito'y karaniwang sa cash.

Makipag-usap sa benepisyaryo tungkol sa kung kailan at kung paano niya gustong makuha ang P&I. Ang ilang rep. payee ay ibinibigay ang P&I sa simula ng buwan, tuwing ikalawang linggo, o sa maliit na halaga bawat ilang araw.

Sa sandaling ibigay mo ang P&I, hindi mo dapat sabihin kung paano maaaring gastusin ito ng benepisyaryo. Hindi mo dapat ipasubaybay sa benepisyaryo kung paano nila gagastusin ang P&I o magbigay ng mga resibo, kahit na hindi ka sang-ayon sa kung paano nila ginagastos ito.

## **b. Komunikasyon**

Ang pinakamainam na paraan para makatulong sa pera ng SSI ng benepisyaryo ay ang makipag-usap sa kanila nang madalas.

Nangangahulugan ito na dapat kang makipag-ugnay sa benepisyaryo nang hindi bababa sa tuwing dalawang linggo. Makipag-ugnay kahit na hindi nakikipag-ugnayan sa iyo ang benepisyaryo. Kung sumasang-ayon ang benepisyaryo, maaari kang makipagtulungan sa mga social worker o service provider ng benepisyaryo para magbayad sa mga bagay na kinakailangan ng benepisyaryo. Ang mga ito ay maaaring maging mga bagay para sa therapy o mga aktibidad upang matulungan silang muling magbuo ng kakayahan. Madalas na makipag-usap sa iyong benepisyaryo

---

<sup>6</sup> “Ang Allowance ng Personal na Pangangailangan ”ay isang terminong ginagamit para sa mga benepisyaryo na nakatira sa mga pangmatagalang pasilidad sa pangangalaga. Gayunpaman, maaari mong marinig na ginamit ito bilang termino para sa paggastos sa pera na ibinigay sa mga benepisyaryo na nakatira sa komunidad. ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

upang malaman kung ano ang kailangan nila at kung paano nais nilang gugulin ang kanilang pera.

Kapag nakipag-usap ka sa benepisyaryo, sabihin sa kanila ang tungkol sa balanse ng account. Dapat mo ring tanungin kung ayos sa kanila kung paano mo ibinibigay sa kanila ang kanilang pera. Dapat mo ring tanungin ang tungkol sa anumang ibang kita o resources na mayroon sila, tulad ng suweldo, mana, o mga regalo. Hindi mo gusto na lumampas sa buwanang limit ng kita o sumobra sa mga limit ng resources. Kung lalampas ka sa mga limit, maaaring ihinto ng SSA ang mga benepisyo.

Ang pag-uulat nang tama ay lalo pa ngang mahalaga para sa mga taong tumatanggap ng SSI. Kung ang isang tao ay nakakukuha ng SSI at kung magkano ang makukuha nila ay depende sa kung magkano ang kita at resources na mayroon sila. Maaaring i-cut off ng SSA ang isang benepisyaryo para sa mga buwan kung saan nakatanggap sila ng mga benepisyo pero lumampas sa mga limit.<sup>7</sup> Upang mapanatili ang mga benepisyo at maiwasan ang overpayment, alamin kung magkano ang pera at resources ng benepisyaryo. Sa ganoong paraan ay maaari mong pamahalaan ang kanilang mga benepisyo ng SSI at iulat nang wasto ang mga pagbabago sa SSA.

Kung nakatanggap ang benepisyaryo ng kita o resources na lampas sa mga limit, dapat kang makipag-ugnay sa benepisyaryo para tulungan na mapababa ang halaga. Tanungin sila kung gusto nilang gugulin ang pera sa anumang dapat nang bayarang bills o mga bagay na gusto nila. Maaaring sila ay over-resourced nang malaki dahil, halimbawa,

---

<sup>7</sup> Ang mga limi ng mapagkukunan ay \$2,000 para sa isang tao, o \$3,000 para sa isang pares—bagama't mayroong mga eksepsyon sa mga mapagkukunang nabibilang. Ang mga limit sa kita ay mas kumplikado dahil nagbabago ang mga ito taun-taon at nag-iiba depende sa mapagkukunan ng kita at kung saan nakatirang estado ang isang benepisyaryo. Ang ilang estado, tulad ng California, ay sinusuplementuhan ang mga benepisyo. Maraming eksepsyon. Samakatuwid, dapat mong bisitahin ang website ng [SSA](http://www.socialsecurity.gov/policy/docs/quickfacts/prog_highlights/) para sa higit pang detalye sa mga limit ng kita [http://www.socialsecurity.gov/policy/docs/quickfacts/prog\\_highlights/](http://www.socialsecurity.gov/policy/docs/quickfacts/prog_highlights/) (Bumalik sa Pangunahing Dokumentong)

nakatanggap sila ng bayad na lump sum. Ang iyong tungkulin bilang rep. payee ay mag-iiba batay sa pinagkukunan ng mga pondo.<sup>8</sup> Kakailanganin mong mag-ulat sa SSA alinmang paraan. Wala kang kontrol sa lump sum maliban kung ito ay mula sa isang retro-active na kabayaran ng SSI. Para sa mga kabayaran ng di-SSI na lump sum, tulad ng pamana, dapat kang makipagtulungan sa benepisyaryo at - nang may pahintulot nila - ibang tao sa grupo ng suporta upang pagpasyahan ang pinakamahusay na paraan upang magamit ang mga pondo. Halimbawa, maaari kang bumili ng mga serbisyo sa libing. Maaari kang makipagtulungan sa isang tao na maaaring mag-set up ng special needs o supplemental needs trust sa paraang hindi makaaapekto sa mga benepisyo.<sup>9</sup>

## **II. Mga Obligasyong Accounting at Pag-uulat**

Dapat na subaybayan ng rep. payee ang mga gastos ng benepisyaryo. Dapat ding iulat ng payee ang lahat ng isyu o pagbabago sa lokal na tanggapan ng SSA. Tinitiyak ng epektibong sistema ng accounting na kumpleto ang taunang ulat na gagawin mo sa SSA. Isa rin itong paraan upang malaman ang mga pangangailangan sa pananalapi ng benepisyaryo. Ang maingat na pagsubaybay ay nagbibigay ng nakasulat na patunay sa sakaling i-audit ka ng SSA. Tinutulungan din nito ang benepisyaryo kapag hindi sila sumasang-ayon sa isang bagay na sinasabi ng SSA.

### **a. Pag-iingat ng Rekord**

Kung itatago mo ang pondo ng benepisyaryo sa isang bank account, dapat na mayroon ka ng iyong sariling log upang subaybayan ang mga pondo. Dapat kasama dito ang running balance, mga deposito, at withdrawal.

---

<sup>8</sup> Mangyaring tingnan ang lathala ng DRC sa isang buuang pagbabayad sa aming site, <https://www.disabilityrightsca.org/system/files/file-attachments/560401.pdf>. ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

<sup>9</sup> Dapat kang makipag-ugnayan sa isang abogado na nag-specialize sa mga special needs trusts upang i-draft ang trust upang protektahan ang mga benepisyo ng SSI. Depende sa pinagmumulan ng mga pondo, may mga partikular na mga kinakailangan sa kung sino ang pinapahintulutang mag-set up ng naturang trust. See 42 U.S.C. Sec. 1396p(d)(4)(A) ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

Hindi ka dapat umasa sa mga rekord ng bangko. Ang bawat line item ay dapat mayroong mga dahilan para sa mga withdrawal o ang pinagmulan ng mga deposito.

Dapat ka ring magkaroon ng isang tao maliban sa taong gumawa ng log para ihambing ang mga statement ng bangko sa log at pumirma sa bawat pagsusuri. Ang ibang mata na titingin ay maaaring makakita ng mga pagkakamali.

Mga resibo para sa lahat ng paggastos, maliban sa kung ano ang ginugugol ng benepisyaryo sa P&I, ay dapat i-save at itala sa log. Pahintulutan na makita ng tauhan na magkukumpara ng mga rekord ang mga resibo.

Ang rep. payee ay dapat ding mayroon ng P&I log na nagpapakita ng lahat ng P&I na ibinigay sa benepisyaryo. Ang log ay dapat na may halaga ng ibinigay, ang dahilan, ang oras, natitirang halaga ng P&I, at isang puwang para pirmahan ng benepisyaryo pagkatapos matanggap. Ang P&I na iningatan bilang cash ay dapat na naka-lock. Gayundin, kung ibibigay mo na cash ang P&I na hawak mo , dapat mong subaybayan kung sino ang nagmamay-ari nito sa tuwing ibibigay mo ito.

## **b. Pag-uulat sa SSA**

Ang payee ay dapat magsumite ng ulat ng kita ng benepisyaryo sa SSA bawat taon.<sup>10</sup> Dapat mong iulat ang anumang bagay na nakaaapekto sa pagiging karapat-dapat ng benepisyaryo sa SSA kaagad. Kabilang dito ang anumang pagbabago na nakaaapekto sa sitwasyon sa pamumuhay, trabaho, pag-aaral, kita, kondisyong medikal, pag-aasawa o mga paglalakbay sa labas ng U.S.A. na tumagal nang mahigit isang buwan.<sup>11</sup> Ito ay upang maiwasan ang overpayment. Maaaring i-adjust ng SSA ang halaga ng benepisyaryo o itigil ang mga benepisyaryo kung mag-uulat ka sa oras.

Dapat mo ring sabihin sa SSA kung ang iyong organisasyon ay hindi makapagpapatuloy bilang rep. payee. Maaaring ito ay para sa mga

---

<sup>10</sup> 20 CFR § 416.665 ([Bumalik sa Pangunahing Dokumentong](#))

<sup>11</sup> POMS SI 02301.005 ([Bumalik sa Pangunahing Dokumentong](#))



kadahilanang pangkalusugan, pagreretiro, pagkalugi, maling pamamahala, o dahil lamang na nais mong umalis sa negosyo.<sup>12</sup>

Sa lahat ng kaso, ang payee ay dapat tumulong sa benepisyaryo na makahanap ng bagong payee o sa pagiging payee niya mismo. Tungkulin mong ibigay ang anumang natitirang balanse sa bagong payee o ibalik sa SSA kung walang natagpuan. Ang SSA ang gaganap bilang pansamantalang payee sa naturang kaso.<sup>13</sup> Kung ma-assess ng SSA ang kaso at nakitang nagbayad ito nang sobra, maaari nitong kunin ang ilan sa pondo ng benepisyaryo para makuha ang overpayment.

Kung maaari, kilalanin ang lokal na SSA administrator. Maaaring mapabilis nito ang tugon mula sa lokal na tanggapan ng SSA. Maaaring makatulong din ito sa paglutas ng mga problema tungkol sa mga benepisyaryo ng SSI ng benepisyaryo.

### **III. Adbokasiya**

Ang pagiging rep. payee ay hindi lamang tumatayobilang isang katiwala (fiduciary.) Nangangahulugan din ito na dapat mong gawing adbokasiya na protektahan ang mga pondo ng SSI.<sup>14</sup> Kung ang benepisyaryo ay makatatanggap ng sulat mula sa Social Security tungkol sa anumang pagbabago sa kanilang pagiging karapat-dapat o halaga ng benepisyaryo, dapat mo silang tulungan na makipag-ugnayan sa SSA. Ito ay makakatulong sa kanila na patuloy na makakuha ng mga pondo. Talagang mahalaga ang iyong tungkulin kung matutuklasan ng SSA ang overpayment sa panahon na pinamamahalaan mo ang pera ng benepisyaryo.<sup>15</sup> Ang pag-aadbokasiya para sa benepisyaryo ay nangangahulugan na tulungan silang isumite ang tamang katibayan kapag hindi sila sasang-ayon sa isang bagay na sinasabi ng SSA.

---

<sup>12</sup> POMS GN 00502.114 ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

<sup>13</sup> 20 CFR 416.611 ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

<sup>14</sup> POMS GN 00502.114 ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

<sup>15</sup> Bilang isang rep. payee, maaari ka pa ring mananagot para sa anumang multa o overpayment na tinasa laban sa benepisyaryo kung hindi mo nagawang ibigay ang angkop na pamamahala ng pera. 20 CFR § 416.552; POMS SI 02201.020 ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))



Nangangahulugan din ito na ang pagsama sa kanila sa mga pulong o pagdinig sa harap ng SSA o isang administrative law judge (ALJ). Maaari mong tulungan silang ipaliwanag ang kanilang kaso. Dapat mong palaging tanungin ang benepisyaryo kung kailangan nila ang tulong mo para ayusin ang isyu sa SSA.

### **a. Sulat ng SSA**

Makatatanggap ka ng sulat mula sa SSA tungkol sa mga bagay na nakaaapekto sa benepisyaryo.<sup>16</sup> Buksan ang mga sulat kapag natanggap ang mga ito. Baka kailangan kang tumugon agad. Halimbawa, kung makatanggap ang benepisyaryo ng sulat na nagsasabing nabayaran sila nang sobra ng SSA, **dapat mong sabihin sa SSA sa loob nang 10 araw** kung gusto mong manatiling gaya dati ang mga benepisyaryo. Sa ganitong paraan hindi kaagad kukuha ang SSA ng pera sa mga tseke sa hinaharap.<sup>17</sup> Ang sulat sa kasong iyon ay tinatawag na Abiso ng Overpayment. Ang isa pang halimbawa ay ang mga eksaminasyon ng Notice of Continuing Disability Review (CDR). Ipinapagawa ito ng SSA sa mga benepisyaryo paminsan-minsan. Nakakatulong ang mga ito para ipakita kung may kapansanan pa rin ang tao.<sup>18</sup> Maaaring kailanganin ng benepisyaryo na magpakita ng katibayan ng kanilang kapansanan upang patuloy na makakuha na benepisyaryo. Ang mga bagay na ito ay may mga time limit. Hindi mo nais na makita ang mga kahilingang ito pagkatapos na ang mga ito ay dapat nang bayaran.

### **b. Pag-apela ng mga Desisyon**

Maaari mong iapela ang isang desisyon na hindi pabor sa benepisyaryo kung nagawa ayon sa deadline. Halimbawa, maaari kang mag-apela kung

---

<sup>16</sup> POMS SI 02302.310 ([Bumalik sa Pangunahing Dokumentong](#))

<sup>17</sup> POMS SI 02220.010A.5.a. Gayunpaman, ang 10-araw na limit ay maaaring pahabain kung makakapagpakita ka ng magandang dahilan sa huling paghain. POMS SI 0220.010A5.b ([Bumalik sa Pangunahing Dokumentong](#))

<sup>18</sup> POMS DI 28001.003 ([Bumalik sa Pangunahing Dokumentong](#))

pinaplano ng SSA na ihinto o babaan ang mga benepisyong benepisyaryo. Maaari ka ring mag-apela kung tatanggihan ng SSA ang kahilingan ng benepisyaryo na maging sarili nilang payee.

Ang unang hakbang para mag-apela ng desisyon ay ihain ang Request for Reconsideration. Dapat kang mag-apela sa loob nang 60 araw ng desisyon. Maaari kang makakuha pa ng higit pang panahon kung makakapagpapakita ka ng magandang dahilan sa huling paghahain.<sup>19</sup> Magagawa ito sa isang sulat o sa pamamagitan ng SSA form.<sup>20</sup>

Kapag ihahain mo ang kahilingan maaari mong sabihin kung gusto mong repasuhin ang isang kaso, isang di-pormal na kumperensya, o isang pormal na kumperensya. Ang repaso ng kaso ay nangangahulugan na ang taong titingin sa iyong kaso ay titingin lamang sa nakasulat na pruweba na ibinigay mo sa SSA.<sup>21</sup> Ang pormal o di-pormal na kumperensya ay bibigyan ka ng pagkakataon na humarap sa Social Worker sa sangay ng tanggapan. Maaari ka ring magdala ng mga testigo.<sup>22</sup> Ang personal na pulong ay isang magandang ideya sapagkat ito ay nagbibigay-daan sa benepisyaryo na ipaliwanag ang kanilang mga sarili at sagutin ang anumang katanungan na maaaring itanong ng SSA worker. Sa isang pormal na kumperensya,

---

<sup>19</sup> POMS SI 04020.020B.2-3 SSA Ipinagpapalagay na makukuha mo ang sulat sa 5 araw pagkatapos ng petsa ng abiso. Kung ito ay lampas sa 10 o 60-araw na limitas maaari mong subukan at ipakita kung bakit mayroon kang "magandang dahilan" sa huling paghain. ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

<sup>20</sup> Makakukuha ka ng kopya ng form ng Request for Reconsideration mula sa iyong lokal na tanggapan ng SSA o sa online sa pamamagitan ng pagpunta sa [site](http://www.ssa.gov/forms/ssa-561.pdf) na ito, <http://www.ssa.gov/forms/ssa-561.pdf>. ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

<sup>21</sup> POMS SI 02301.300C.7 ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

<sup>22</sup> POMS SI 04020.050 Hahayaan ka ng pormal na kumperensya na hilingan ang SSA na pilitin ang mga testigo na magpakita kahit na ayaw nila. Ito ay tinatawag na isang subpoena. Kahit na hindi mo nais na i-subpoena ang isang saksi sa simula, itinatabi ng pormal na kumperensya ang iyong karapatan sakaling gusto mo pagkatapos. ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

maaaring makita ng benepisyaryo ang kanilang file para sa nawawala o nagkakaaberyang impormasyon na maaari nilang ipaliwanag.

Kung tatanggihan ng SSA ang Request for Reconsideration, maaari kang mag-apela sa isang Administrative Law Judge. Dapat kang mag-apela sa loob nang 60 araw ng desisyon.<sup>23</sup> Kailangan mong magkaroon ng magandang dahilan upang humiling ng extension. Kung minsan, may mas malaking tsansa na manalo ka sa antas ng ALJ kaysa sa sangay ng tanggapan. Ang ALJ ay may mas higit na kapangyarihan, mas nakakaalam ng batas at higit na isasaalang-alang ang mga bagay. Maaaring may kabukuhan na magbayad ng abogado upang ipagtanggol ang benepisyaryo sa pagdinig. Kung ikaw ay tumatayo bilang tagapagtaguyod, pinakamahasay na bigyan ang ALJ ng letter brief nang hindi bababa sa 2 linggo bago sa pagdinig. Ang brief ay dapat ipaliwanag ang mga dahilan kung bakit ka nag-apela at kung bakit dapat na sumang-ayon ang hukom sa iyo. Maaari ka ring magbigay sa hukom ng karagdagang katibayan na nais mong makita ng hukom, tulad ng mga kamakailang medikal na rekord o pagtatasa. Mahalagang magsumite ng bagong katibayan bago sa pagdinig kung kaya mo.

Sa pagdinig, walang abogado para sa SSA. Sa halip, ang ALJ at ang tagapagtaguyod ay magkakaroon ng pagkakataong tanungin ang benepisyaryo at mga testigo. Bukod sa mga testigo ng benepisyaryo, ang ALJ ay karaniwang kumukuha ng bokasyonal na eksperterto at kadalasan na isang medikal na eksperto. Kahit na ang benepisyaryo ay walang karapatan na makita ang anumang ulat ng eksperto bago ang pagdinig, maaari nilang makita ang mga résumé ng mga eksperto.<sup>24</sup> Maaari nilang tanungin ang mga eksperto tungkol sa kanilang background sa trabaho.

Pinakamabuting ihanda ang benepisyaryo bago sa pagdinig para hindi kabahan. Magagawa mo ito sa pamamagitan ng pagpapaliwanag sa proseso. Maaari mo ring sanayin ang pagtatanong at pagsagot.

---

<sup>23</sup> HALLEX I-2-0-60 (Ang HALLEX ay ang Manwal sa Batas sa Mga Pagdinig, Apela at Litigasyon. May mga patakaran tio na dapat sundin ng SSA sa proseso ng mga apela.) ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

<sup>24</sup> Tingnan ang HALLEX I-2-1-30 ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

Kung hindi ka sasang-ayon sa desisyon ng ALJ, maaari kang umapela sa Appeals Council (AC). Dapat kang umapela sa loob nang 60 araw ng desisyon ng ALJ.<sup>25</sup> Maaaring sabihin ng AC kung gusto o ayaw nilang tingnan ang iyong kaso. Maaari nilang hindi dinggin, tanggihan, o pagbigyan ang apela.<sup>26</sup> Kung pagbibigyan nila ang apela, ang kaso ay maaaring ipadala pabalik sa ALJ ang kaso para sa pangalawang pagsusuri. Madalas na nagtatagal ito.

Kung hindi didinggin o tatanggihan ng AC ang apela, maaaring mag-apela ang benepisyaryo sa Federal District Court sa loob nang 60 araw.<sup>27</sup> Ito ay isang mas mahirap na proseso. Dapat kang makipag-usap sa isang abogado.

### **c. Mga Apela sa Overpayment**

Madalas na nakatatanggap ang mga benepisyaryo ng sulat na nagsasabing sobra ang naibayad sa kanila. Ang mga ito ay tinatawag na mga abiso ng overpayment.<sup>28</sup> Ang mga ito ay maaaring maging sanhi ng stress para sa mga benepisyaryo na umaasa sa SSI na magbayad para sa kanilang mga pangangailangan. Ipinapadala ng SSA ang mga abiso na ito kung sa tingin nila ay nagpadala ito nang sobrang pera kaysa sa karapat-dapat sa benepisyaryo. Ang mga sulat na ito ay maaaring tungkol sa isang bagay na kamakailan o isang bagay na ayon sa SSA ay nangyari maraming taon na ang nakalipas. Kailangang ibalik ng benepisyaryo ang pera maliban na kung manalo sila sa apela o iwa-waive ng SSA ang halaga. Hindi mahalaga kung gaano na katagal ang lumipas o kung nagastos na ng benepisyaryo ang pera. Ang proseso sa pag-apela ay

---

<sup>25</sup> HALLEX I-3-1-1 ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

<sup>26</sup> HALLEX Chapters I-3-4 hanggang I-3-8 ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

<sup>27</sup> HALLEX I-4-1-2 ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

<sup>28</sup> Para sa mas detalyadong impormasyon kung ano ang gagawin tungkol sa isang overpayment ng SSI mangyaring sumangguni sa aming lathala na "SSI Overpayments" na matatagpuan sa aming [website](http://www.disabilityrightsca.org/pubs/542101.html), <http://www.disabilityrightsca.org/pubs/542101.html>. ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

kapareho ng inilarawan sa itaas, bagaman kailangan mong isaalang-alang ang iba pang bagay.

Dapat mong basahin nang mabuti ang mga abiso dahil maaari silang magkaroon ng mga pagkakamali. Kung minsan, maaaring ipakita ng benepisyaryo na ang ilang gastos ay nagpababa ng kanilang kita.<sup>29</sup> Ang mga gastusin iyon ay maaaring mangahulugan na binayaran sila ng SSA ng tamang halaga.

### ***Mga Halimbawa ng Pinahihintulutang Gastusin***

Ang benepisyaryo ay maaaring may Impairment-Related Work Expenses (IRWEs) gaya ng gamot, personal na tulong, o inilaang transportasyon. Hinahayaan siya ng mga ito na magtrabaho nang hindi umaasa sa kita.

Ang programa ng mga insentibo trabaho tulad ng PASS ay isa pang halimbawa. Pinapayagan nito ang benepisyaryo na makapagtipid ng kita para sa bokasyonal na pagsasanay at iba pang tinukoy na mga gastusin. Hindi ibinibilang ng SSA ang perang ito kapag ipinagsasama nito ang kita para sa bawat buwan.

Ang unang hakbang para mag-apela ng abiso ng overpayment ay maghain ang benepisyaryo ng Request for Reconsideration. Maaari mo ring hilingin sa SSA na "stay recovery" habang naghahain ka para sa rekonsiderasyon. Kung gagawin mo ito, hindi hihilingin sa iyo ng SSA na ibalik ang overpayment hanggang matapos ang apela. Kung hindi mo hihilingin sa SSA na panatilihin ang recovery, kukuha sila ng pera mula sa tseke ng benepisyaryo sa susunod na buwan at lahat ng tseke pagkatapos noon hanggang sa mabayaran ang halaga. Kailangan mong **gawin ang kahilingang ito sa loob nang 10 araw mula sa pagkakatanggap ng**

---

<sup>29</sup> Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang [site](http://www.ssa.gov/oact/cola/incomexcluded.html) na ito, <http://www.ssa.gov/oact/cola/incomexcluded.html>. ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

**isang abiso ng overpayment.**<sup>30</sup> Kung hindi magagawa ang kahilingan na ito sa tamang panahon at hindi ka nagbigay ng magandang dahilan sa huling paghahain, o kung tinanggihan ang iyong apela, ang SSA ay kukuha ng pera mula sa halaga ng benepisyoy. Karaniwang maaari silang magtago ng 10% ng isang buwanang tseke ng benepisyoy para sa repayment.<sup>31</sup> Kung ang halagang iyon ay pipigil sa benepisyaryo sa pagbabayad para sa kanya o mga pangunahing pangangailangan, maaari mong hilingin na bayaran ang mas maliit na buwanang halaga.<sup>32</sup>

Kung tatanggihan ang Request for Reconsideration, maaari kang humingi ng pagdinig sa pamamagitan ng Administrative Law Judge (ALJ) tulad ng inilarawan sa seksyon III.b. sa itaas.<sup>33</sup>

Kung mabibigo ang iyong apela at talagang may overpayment, maaari kang maghain ng "Request for Waiver". Sa pahahain ng waiver, sinasabi mo na sobra ang bayad sa benepisyaryo, ngunit hindi nila kailangang bayaran ito dahil hindi ito makatarungan.<sup>34</sup>

#### **IV. Kung anong HINDI ang Rep. Payee**

Maaari lamang tulungan ng rep. payee ang benepisyaryo sa pamamahala ng kanyang kita sa Social Security. Ibig sabihin niyon ang rep. payee ay hindi maaaring gumawa ng mga pagpapasya sa healthcare o iba pang

---

<sup>30</sup> Maaari mong isulat nang maikli ang dahilan para sa iyong kahilingan para sa rekonsiderasyon sa form upang maihain ito sa tamang panahon. Sa ibang pagkakataon, maaari kang magbigay ng mas maraming detalye tungkol sa iyong apela. ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

<sup>31</sup> POMS SI 02220.016 ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

<sup>32</sup> POMS SI 02220.017A.1-2 ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

<sup>33</sup> Maaari mong kunin ang kahilingan para sa form ng pagdinig mula sa iyong local na tanggapan ng SSA o sa [online](#) sa <http://www.ssa.gov/forms/ha-501.pdf>. ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

<sup>34</sup> POMS SI 02260.001. Ang parehong pagrepaso sa Rekonsiderasyon at sa mga isyu sa Overpayment Waiver ay maaaring dinggin nang sabay ng ALJ. ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

pagpapasya sa pananalapi na hindi kasama sa benepisyong SSI. Kung ang benepisyaryo ay nakakakuha ng ibang pera mula sa trabaho o pamilya, halimbawa, hindi maaaring kontrolin ng rep. payee ang mga pondong iyon. Hindi rin nila dapat ideposito ang di-SSI na pera sa parehong account na naglalaman ng kita sa SSI ng benepisyaryo.

### *Halimbawa ng Tungkulin ng Rep. Payee sa Di-SSI na Kita*

Nakakakuha si Sam nang \$1100 kada buwan sa SSI . Nagtatrabaho siya nang 3 araw bawat linggo sa lokal na grocery store. Si Sam ay makakakuha din ng malaking pamana mula sa kanyang ama.

Dapat pamahalaan ng rep. payee ni Sam ang kita sa SSI. Gayunpaman, dapat niyang sabihin kay Sam na maaaring gastusin niya ang kanyang mga sahod sa anumang paraan na gusto niya. Ang mga sahod ay hindi konektado sa kanyang SSI. Si Sam ay malaya din na pamahalaan ang kanyang mana nang mag-isa nang walang rep. payee.

Gayunpaman, dapat sabihin ng rep. payee sa SSA ang tungkol sa mga sahod at mana ni Sam kapag natanggap niya ito. Dapat makipagtulungan ang rep. payee kay Sam para tulungan siyang ma-spend down ang kaniyang mana sa mga bagay na kailangan niya. Ang paggawa nito ay titiyak na hindi magkakaroon ng masyadong maraming pera si Sam sa mga mapagkukunan. Kung magkakaroon, maaari siyang magka-overpayment.

## **V. Paano ko Hahawakan ang mga Pondo ng Benepisyaryo?**

Maaaring ideposito ng rep. payee ang mga benepisyong SSI ng benepisyaryo sa alinman sa isang indibidwal o isang kolektibong bank account. Gayunpaman, may mga partikular na tuntunin ang mga kolektibong account (tingnan ang listahan sa ibaba).<sup>35</sup> Hindi dapat singilin ng mga bayad ang benepisyaryo ng mga account na ito. Kung ang mga account ay may bayad o charge sa bangko, dapat kang makipagtulungan sa iyong bangkero upang ma-waive ang mga ito. Ang mga credit union at

---

<sup>35</sup> POMS GN 00603.020 ([Bumalik sa Pangunahing Dokumentong](#))



maliliit na lokal na bangko ay kadalasan na mas gustong ma-waive ang mga fee.

Bago ka gumawa ng kolektibong account, isaalang-alang na:

1. Kailangan mong malinaw na tukuyin ang bawat share ng pera ng benepisyaryo na nasa account sa pamamagitan ng pagtatago ng rekord;
2. Kung tumutubo ng interes ang account, dapat mong mabayaran ang interes sa bawat benepisyaryo batay sa kanilang share sa account;
3. Ang bawat benepisyaryo ay magagamit lamang ang kaniyang pera;
4. Ang mga benepisyaryo ay hindi dapat magkaroon ng debit card para ma-access ang account; at
5. Ang SSA ay dapat suriin at aprubahan ang kolektibong account nang nakasulat.

Ang individual account ay dapat naglalaman ng pera ng SSI nang isa lamang na benepisyaryo. Kung ikaw ang rep. payee para sa ilan lamang na benepisyaryo, ang paggamit ng mga individual account ay maaaring ang pinakamahusay na paraan upang masubaybayan ang pera ng bawat tao at balanse sa account.

Kung ikaw ang rep. payee para sa maraming benepisyaryo, maaari mong ilagay ang kanilang pera sa SSI sa isang kolektibong account. Gumagana ang isang kolektibong account tulad ng isang pinagsama-samang (joint) checking account kung saan ang lahat ng benepisyaryo ay magkakasama sa isang account number. Kung gagamitin mo ang ganitong uri ng account, dapat mong tiyakin na ang mga pondo ng bawat benepisyaryo ay ginagamit lamang para sa kanilang kapakinabangan. Magkakahiwalay na rekord ay dapat ingtan para sa bawat benepisyaryo. Gayundin, hindi ka maaaring gumamit ng pera sa account na ito para sa mga gastos na may kaugnayan sa pagpapatakbo ng iyong ahensya. Halimbawa, hindi mo magagamit ang perang ito upang magbayad para sa postage o office supplies.

Maaari kang magbigay ng debit card sa mga benepisyaryo na may individual account. Gayunpaman, ang debit card ay dapat limitado sa halaga ng P&I na napagkasunduan mong ibibigay sa benepisyaryo.

Pinoprotektahan ng limit na ito ang benepisyaryo mula sa overdraft fees kung siya ay mag-withdraw ng pera na mas higit kaysa sa laman ng account.

Hindi mo dapat ilagay ang mga pondo ng benepisyaryo bilang cash sa isang naka-lock na kahon. Ang mga withdrawal mula sa isang naka-lock na kahon ay mahirap subaybayan, na ginagawang mahirap ang wastong accounting ng balanse ng mga benepisyaryo. Bilang karagdagan, ang isang naka-lock na kahon ay lumilikha ng mataas na panganib sa pagnanakaw, dahil ang sinuman na may isang susi ay maaaring ma-access ang pera.

### **a. Pagtititulo ng (mga) Account**

Ang account, kolektibo o individual man, ay dapat na malinaw na nakikita sa titulo nito na ang pondo ay pagmamay-ari ng benepisyaryo.

Pamamahalaan mo lamang o ng iyong organisasyon ang account bilang rep. payee. Ang isang na may pangalan lang ng iyong organisasyon sa titulo ay hindi tatanggapin. <sup>36</sup>

Sa karaniwan, dapat ipakita sa titulo na ang account ay pagmamay-ari sa alinman sa isang indibidwal o grupo ng mga benepisyaryo at pinamamahalaan ng isang rep. payee.

### **Mga Halimbawa ng Pagtititulo ng Bank Account**

**Mali:** “Homestead Rep. Payee Inc. Account”

**Tama:** “Social Security Beneficiary Account na Pinamamahalaan ng Homestead Rep. Payee Inc.”

“HomeStead Rep. Payee Inc. sa Ngalan ng Social Security Beneficiaries”

“Social Security Beneficiary Sam Rep. Payee TrustAccount”

### **b. Commingling (Paghahalo) ng mga Pondo**

Sa karaniwan, ang rep. payee ay hindi maaaring magdeposito ng anumang SSI ng benepisyaryo sa isang account na may di-pangbenepisyaryong pondo. Ang isang di-pangbenepisyaryong account ay maaaring maging

---

<sup>36</sup> POMS GN 00603.010 ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

isang account na nagpapatakbo ng negosyo o isang account na may pera ng mga kliyente na hindi kailangan ng isang rep. payee. Ang kasanayan ay tinatawag na "commingling".<sup>37</sup> Kung iko-commingle mo ang mga pondo, itinuturing itong maling-pamamahala ng mga pondo ng benepisyaryo. Maaari ring ituring ito ng SSA bilang pandaraya. Kung magsususpetsa ang SSA ng pandaraya, maaari ka nilang i-audit o imbestigahan.

Ang commingling ay maaaring makasakit sa benepisyaryo sa ibang paraan. Sa karaniwan, hindi bababa sa 2 buwan ng mga benepisyaryo sa SSI ng benepisyaryo ang protektado mula sa mga creditor.<sup>38</sup> Gayunpaman, kung iko-commingle mo ang kanilang SSI sa ibang pera, ginagawa nitong mahirap sabihin kung ano ang kasama sa benepisyaryo. Kung gayon ay maaaring mawala sa benepisyaryo ang proteksyon na iyon. Doon, ang mga creditor ng benepisyaryo o rep. payee ay maaaring i-access ang SSI para magbayad ng mga pautang.

Ang kasanayan na ito ay maaari ding maging sanhi ng mga overpayment. Sabihin na ilalagay mo ang SSI sa isang account kasama ng iyong pera sa pagpapatakbo. Maaaring isipin ng SSA na ang pera sa pagpapatakbo ng rep. payee ay pag-aari din ng benepisyaryo, na maaaring maglagay sa kanila sa lampas na resource limit. Pagkatapos ay maa-assess ang SSI ng overpayment.

Ito'y maaaring maging mahirap malaman ang pera sa pagpapatakbo sa mga benepisyaryo ng SSI sa naka-commingle na account. Maaari mong gamitin ang mga pondo ng benepisyaryo para sa mga gastos tulad ng mga pagkukumpuni ng gusali o bayad sa kawani nang hindi sinasadya. Hindi mo dapat gamitin ang pera ng benepisyaryo upang magbayad para sa mga gastos sa pagpapatakbo.

### **c. Mga Conduit Payee Practice**

Ang "conduit payee practice" ay kapag ibinibigay ng rep. payee ang lahat ng pondo ng benepisyaryo sa alinman sa benepisyaryo o third party para mamahala. Ang third-party ay maaaring isang indibidwal o isang

---

<sup>37</sup> POMS GN 00603.010 ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

<sup>38</sup> 42 U.S.C. § 407 ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

organisasyon. Mahigpit na pinipigilan ng SSA ang practice na ito. Ang pagtayo bilang conduit payee ay maaaring mangahulugan na aalisin ka ng SSA sa pagiging isang rep.payee.<sup>39</sup>

Madalas nangyayari ang conduit payee practice kapag malayo ang tinitirahan ng benepisyaryo sa rep. payee. Maaaring mangyari ito kung ang benepisyaryo ay naninirahan sa group home o gumagamit ng independent living (ILS) provider. Ang rep. payee, na nakatira sa malayo, ay pipirma ng tseke para sa buong buwanang halaga ng SSI nang direkta sa third party. Ang third party ay maaaring maging ang direktor ng home group o ang ILS provider. Pagkatapos ay ginagamit ng third party ang pera bayaran ang upa upa at iba pang gastusin at ibinibigay ang natirang pera bilang P&I sa benepisyaryo.

### **Mga Posibleng Problema sa Conduit Payee Practice:**

Ang rep. payee na si Frank ay naninirahan nang 50 milya ang layo mula kay Sam, na naninirahan sa isang group home. Si Sam ay 10 taon nang nakatira sa group home. Kasundo niya ang direktor ng group home na si, Adam. Si Frank at Sam ay bihirang magkita ng personal dahil sa distansya sa pagitan nila.

Buwan-buwan gumagawa si Frank ng steke para kay Adam para sa buong halaga na \$1100 ng SSI ni Sam. Ginagamit ni Adam ang \$1,000 para sa mga bayarin sa group home. Pagkatapos ay ibinibigay niya ang natitirang pera (\$100) kay Sam sa bawat ilang araw bilang P&I. Hindi sinusubaybayan ni Frank kung kailan at paano ibinibigay ni Adam ang P&I kay Sam.

Sa pagtatapos ng taon, tinawagan ni Frank si Sam para kamustahin siya. Nalaman niya na si Sam ay nakakakuha lamang nang \$60 bawat buwan ng P&I. Si Sam bihirang nakikipagtulungan kay Adam para i-budget ang kanyang P&I na pera. Sinasabi ni Adam kay Frank na hindi niya alam kung ano ang nangyari sa nawawalang \$40 bawat buwan. Hindi siya nagtatago ng ledger ng pera na nakuha niya kay Frank.

Pagkatapos ng isang taon imposibleng malaman kung sino ang kumuha ng nawawalang \$40 ni Sam kada buwan. Bilang resulta, nadaya si Sam. Hindi

---

<sup>39</sup> POMS GN 00608.044; POMS GN 00605.066 ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

niya ginastos ang kanyang pera para sa mga bagay na kailangan niya dahil may nagnakaw nito.

Bilang conduit, ang rep. payee ay hindi talaga pinamamahalaan ang SSI ng benepisyaryo. Sa halip, ang tungkulin na ito ay nalilipat sa isang partido na walang oversight o pananagutan sa kung paano nila pinangangasiwaan ang pera. Ang benepisyaryo ay hindi rin maaaring makipagtulungan sa kanilang rep. payee upang i-budget ang kanilang pera at matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Ang kasanayang ito ay lumilikha din ng panganib ng maling-pamamahala, pandaraya, o pagnanakaw.

Hindi palaging ipinagbabawal ng SSA ang kasanayan ng conduit payee. Kung pinahihintulutan, kailangang mayroong malinaw na nakasulat na mga tagubilin sa third party sa kung paano pangangasiwaan ang mga pondo ng benepisyaryo. Ang rep. payee ay kailangan ding magkaroon ng madalas na direktang kontak sa benepisyaryo.<sup>40</sup>

Kung ikaw ay isang conduit payee sa isang third party, isaalang-alang kung ang third party ay dapat maging rep. payee ng benepisyaryo. Maaaring ito ang pinakamakawatiran kung kilalang mabuti ng third party ang benepisyaryo at nakikipag-ugnayan sa kanya araw-araw. Kung ikaw ay isang conduit dahil masyadong malayo ang tinitirahan mo mula sa benepisyaryo, isaalang-alang tulungan ang benepisyaryo na makahanap ng iba pang rep. payee na mas malapit. Maaari mo ring tulungan ang benepisyaryo na maging sarili nilang payee kung siya ay may kakayahan.

Sinabi ni Sam kay Frank na pakiramdam niya na handa na siyang maging payee sa sarili. Sumasang-ayon si Frank. Nakikipagtulungan siya kay Sam para makabuo ng plano para kay Sam upang pamahalaan ang sarili niyang pera.

Nagsimula si Frank sa pamamagitan ng pagpapataas ng P&I ni Sam na may malinaw na nakasulat na mga direksyon na kailangang gastusin ni Sam ito sa upa at tuition sa paaralan. Kinakailangan din ni Sam na magtabi nang sapat na matitira para sa allowance at savings. Inilalagay ni Frank ang natitirang pera sa individual checking account ni Sam at sinusubaybayan ang kanyang paggastos.

---

<sup>40</sup> POMS GN 00605.066 ([Bumalik sa Pangunahing Dokumentong](#))

Tinutulungan din ni Frank si Sam na humingi ng sulat mula sa kanyang mga kaibigan, therapist, at doktor, na sumusuporta sa kanya na maging rep. payee para sa kanyang sarili. Isinusulat nila na nadagdagan ni Sam ang kanyang kakayahan na pangasiwaan ang kanyang sariling pera. Bilang halimbawa, pinag-uusapan nila kung paano naging responsable si Sam sa pagtitipid ng kanyang P&I bawat buwan sa halip na bumili ng kendi. Bilang resulta, bumuti ang kanyang diyabetes.

## **VI. Pagtulong sa Benepisyaryo para Maging Ang Payee Para sa Kanyang Sarili**

Dapat isaalang-alang ng rep. payee kung ang benepisyaryo ay maaaring maging ang payee para sa sarili. Upang maabot ang layuning ito, makipagtulungan sa benepisyaryo upang makabuo ng isang plano upang mapataas ang pagiging independiyente. Halimbawa, maaari kang magbigay ng karagdagang P&I sa benepisyaryo para magbayad para sa kanyang sariling upa at bills. Kasabay nito, kailangan mong tiyakin na ang benepisyaryo ay nakaaagapay sa kanilang mga bagong responsibilidad. Ang rep. payee ay maaari ding makipagtulungan sa mga pinagkakatiwalaang mga lokal na negosyo upang matulungan ang benepisyaryo sa mga transaksyong pinansyal.

Ang pagbibigay ng sobra-sobrang pinansiyal na kontrol sa benepisyaryo ay maaaring ituring na isang kasanayan ng conduit payee. Maaaring isipin ng SSA na hindi mo na ginagawa ang iyong tungkulin bilang rep. payee. Upang maiwasan ito, dapat kang magkaroon ng malinaw na nakasulat na plano na nagsasabi kung paano dapat gugulin ng benepisyaryo ang kanyang pera.

Mag-ipon ng patunay na kaya ng benepisyaryo na pamahalaan ang kanyang sariling pera. Ang mga kaibigan, pamilya, therapist, at kahit mga lokal na negosyo ay maaaring makatulong sa prosesong ito. Maaari silang magsulat ng mga pahayag na sinusuporthan ang kakayahan ng benepisyaryo na pamahalaan ang kanilang sariling pera.<sup>41</sup>

---

<sup>41</sup> POMS GN 00502.050 ([Bumalik sa Pangunahing Dokumento](#))

Pagkatapos, kung gusto ng benepisyaryo na maging payee para sa kanilang sarili, kontakin ang lokal na tanggapan ng SSA.<sup>42</sup> Hilingan sila na magrepaso kung kaya ng benepisyaryo na pamahalaan ang kanyang sariling SSI. Isulat ang kahilingang ito at maglakip ng mga kopya ng lahat ng sumusuportang pahayag.

## **VII. Ang Serbisyo ng iyong Rep. Payee ay Kailangang-kailangan!**

Ang iyong papel bilang rep. payee ay mahalaga sa benepisyaryo. Ang iyong maingat na pamamahala ng kanyang mga pondo ay tinutulungan ang benepisyaryo na bumili ng mga bagay na kailangan nila at makatipid ng pera. Ang pagtulong sa benepisyaryo na makatipid ng pera ay para sa kanilang pinakamabuting kapakanan at dinadagdagan ang kanilang kalayaan. Ikaw ay mahalaga sa pagtuturo sa mga kasanayan sa buhay tulad ng pagba-budget, accounting, pagbabalanse, at pamimili para sa mga pinakamagandang deal. Salamat!

---

<sup>42</sup> Tingnan ang pahina 22 ng dokumentong ito para sa form na kailangan mo. Dapat kang makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng SSA upang makakuha ng isang pagtatasa at punan ang form ng personal. ([Bumalik sa Pangunahing Dokumentong](#))



## **APPENDIX SSA**

### **Mga Apela sa isang Sulyap**

#### **Initial Determinations (Inisyal na Pagpapasya)**

Kung hindi ka sang-ayon sa "initial determination" ng SSA, mayroon kang tungkuling tulongan at magtaguyod para sa benepisyaryo sa isang apela. Maaaring kabilang sa initial dereminations ang pagiging karapat-dapat, halaga ng benepisyo, mga overpayment, at mga pagtangga ng kahilingan ng benepisyaryo na maging payee para sa sarili.

60 araw para mag-file pagkatapos na matanggap mo ang di-pabor na abiso/desisyon \* \* (**10 araw** upang humingi para sa patuloy na buong-bayad sa inisyal na apela).

#### **Reconsideration (Rekonsiderasyon)**

- Ang kawani ng SSA sa field office (FO) ay maaaring magpasya sa apela.
- Maaari kang humiling ng kumperensya sa opisyal ng pagdinig o isang pagrepaso ng kaso sa mga papeles lamang. Maaari kang magdala ng mga testigo at bagong ebidensiya.
- Gamitin ang Form SSA-561 o SSA-789 o sumulat sa SSA (karaniwang sa FO) na humihiling ng reconsideration.

60 araw para mag-file pagkatapos mong matanggap ang desisyon ng reconsideration \*.

## **Pagdinig**

- Gamitin ang Form HA-501 o sumulat sa SSA (karaniwang sa FO) upang humiling ng apela.
- Ang apela ay dedesisyunan ng isang administrative law judge (ALJ) sa lokal na Office of Adjudication and Review (ODAR).
- Maaari kang humingi ng isang on the record review (OTR) batay sa mga papel kung ang isyu ay tapat. Kung hindi ito ipagkakaloob ay magkakaroon ka ng isang pagdinig.
- Ang ALJ ay maaaring tumawag ng isang bokasyonal na eksperto at/o medikal na dalubhasa. Maaari kang magdala ng mga testigo at magbigay ng karagdagang ebidensya.
- Ang pre-hearing letter brief at bagong ebidensya ay inirerekomenda bago sa pagdinig.

60 araw para mag-file mula sa pagkakatanggap ng desisyon ng pagdinig.

## **Appeals Council (Konseho ng mga Apela)**

- Ang apela ay pagpapasyahan ng Appeals Council (AC) sa Virginia nang walang pagdinig.
- Ang AC ay magbibigay, tatangi o babale-walain ang iyong kahilingan nang hindi tumitingin sa mga merito.
- Gamitin ang Form HA-520 o sumulat sa SSA (karaniwang sa ODAR) na humihiling ng repaso.
- Kung wala kang panahon upang magsumite ng letter brief o bagong katibayan kasama ng kahilingan para sa pagrepaso maaari kang magsumite ng nakasulat na kahilingan para sa karagdagang panahon upang magsumite ng katibayan.

60 araw para mag-file mula sa pagkakatanggapng abiso ng aksyon ng Appeals Council.

## **Hukumang Pederal**

- Ang iyong apela ay pagdedesisyunan ng isang hukom sa U.S. District Court nang walang pagdinig.
- Ito ay isang mas pormal na proseso ng pagfi-file. Kakailanganin mong alamin sa iyong lokal na mga tuntunin ng korte para sa mga partikular.
- May bayad para sa pagfi-file sa District Court. Kung hindi kaya ng benepisyaryo na magbayad maaari siyang mag-file ng kahilingan upang magpatuloy sa In Forma Pauperis.
- Ang desisyon ay ibabatay sa nakasulat na transcript na isasama ang lahat ng exhibit at mga apela na isinumite. Inaasahan din kayong mag-file ng pormal na legal brief para suportahan ang inyong apela.

*Ang Disability Rights California ay pinopondohan ng iba-ibang mapagkukunan. Para sa kumpletong listahan ng mga tagapagpondo, pumunta sa aming website, <https://www.disabilityrightsca.org/pod/list-of-funding-grants-and-contracts>.*